

LESSON TRANSCRIPT

# Advanced Audio Blog S1 #1

## Top 10 Filipino Regions and Cities: Metro Manila

---

# 1

## Metro Manila

Ang Maynila ang kabisera ng Pilipinas, at ang metro area ay binubuo ng labinganim na iba't ibang mga lungsod. Bukod sa pagiging kabiserang lungsod ng bansa, ito rin ang pangunahing sentro ng bansa para sa ekonomiya, kultura, edukasyon, at lipunan. Ang metro area ang sentro ng pamahalaan para sa bansa, ngunit ang lungsod mismo ay ang talagang kabisera. Sa loob ng metro area, ang Quezon City ang pinakamalaki. Ang metro area ng Maynila ay nakaupo sa isang tangway kasama ng Laguna de Bay sa isang dako, Manila Bay sa kabilang dako, at ang Ilog Pasig na umaagos sa gitna. Ang rehiyon ay isa din sa pinakamalaking bahaing kapatagan sa Pilipinas. Ito rin ay kilala bilang isang lugar ng kapwa kapuna-punang kayamanan at matinding kahirapan. Marami ding mamahaling komunidad sa Metro Manila. Iyan ay kabaligtaran sa napakaraming iskwater sa iba't ibang bahagi ng metro area, lalo na sa lupang pagmamay-ari ng gobyerno na kasalukuyang hindi ginagamit at sa tabi ng mga linya ng tren na dumadaan sa lugar.

Mayroon ding ilang mga mahahalagang palatandaan sa metropolitan area ng Maynila. Isa sa mga pinakakilalang parke sa lugar ay ang Rizal Park, na naglalaman ng Monumento ni Rizal, isang mausoleo na gumugunita kay Jose Rizal, isang martir na nagsulong para sa mga repormang panlipunan at ang kanyang pagkamatay ay nagpasiklab ng Himagsikang Pilipino. Bukod sa Monumento ni Rizal, ang parke ay naglalaman din ng mga kahanga-hangang hardin ng mga Hapon at Instik, ang Pambansang Museo ng Lahing Pilipino, at isang napakalaking relief map ng bansa.